


DOKTOR ESPESYALISTA SA ENERHIYA
MANUNULAT NATURALISTA
TAGASALIN ABUGADO
INHINYERO MAGSASAKA

MAGLAAN NG PERA PARA SA INYONG KINABUKASAN

2013 – 2014



KUNG PAANO NINYO
MATUTUSTUSAN
ANG PAG-AARAL
SA KOLEHIYO



ECMC

Isang publikasyon ng California Student Aid Commission sa pakikipagtambalan sa ECMC

NILALAMAN

Pera para sa kolehiyo sa taong 2013-2014

- 1** Batayang kaalaman hinggil sa tulong pampinansiya
5 Pinakamahahalagang bagay na dapat ninyong gawin
- 2-3** Mga talaan ng petsa at dapat gawin para sa tulong
pampinansiya
- 4** Magsimula sa FAFSA sa aplikasyon
para sa California Dream Act
- 4** Kumuha ng libreng tulong
- 5** Tulong pampinansiya ng California Dream Act
- 6** Libreng pera ang ibinibigay ng Cal Grants
- 7** Mas marami pang libreng pera
- 8-9** Cal Grants: Mga Pagkakataon para mag-apply



Likod Tingnan ang mga website na ito




Ipinagkakaloob ang libritong ito sa mga mag-aaral at pamilya ng California Student Aid Commission sa pakikipagtambalan sa ECMC. Maaaring mag-order ng karagdang mga kopya ang mga paaralan sa **www.ecmc.org/publications**.

© 2012 California Student Aid Commission. Reserbado ang lahat ng karapatang-ari. Ang California Student Aid Commission at ang lahat ng kaugnay na guhit o larawan nito ang mga rehistradong tatak pang-serbisyo at ang Fund Your Future ang rehistradong tatak ng California Student Aid Commission.

 **www.facebook.com/CSAC.StudentAidCommission**

BATAYANG KAALAMAN HINGGIL SA TULONG PAMPINANSIYA

Maaaring makakuha ng tulong pampinansiya para matugunan ang gastos sa pag-aaral sa kolehiyo o pagsasanay pagkatapos ng mataas na paaralan. Tingnan niyo po ito sa ganitong paraan: Una, kunin ninyo ang halagang kailangan para makapag-aral, pagkatapos, ibawas ninyo ang libreng pera – mga grant at iskolarship – at makukuha ninyo ang “Netong Halaga” para makapag-aral sa kolehiyo. Pagkatapos, humanap kayo ng mga mapagpipilian para mabayaran ang netong halaga. Humanap muna kayo ng pera mula sa grant at iskolarship; hindi kailangang bayaran ang perang iyon. Kung kinakailangan, pag-isipan ang pag-utang; gayon pa man, kailangang bayaran nang may interes ang mga utang.



Sakop na ng tulong pampinansiya ang matrikula, mga bayarin, libro, upa, pagkain, transportasyon at iba pang kinakailangan para mabuhay – kahit na para sa mga part-time na mga mag-aaral. Kumuha ng dagdag na kaalaman sa **www.studentaid.ed.gov**.

5 Pinakamahahalagang bagay na dapat ninyong gawin para malubos ang tulong pampinansiya para sa mag-aaral

- 1** Magsumite ng Libreng Aplikasyon para sa Federal Student Aid, o FAFSA, sa **www.fafsa.gov** sa pagitan ng **Enero 1-Marso 2**.
- 2**  Dapat kumpletuhin ng mga karapat-dapat na mga mag-aaral nang dahil sa California Dream Act, AB 540 at AB 131 ang ligtas na aplikasyon para sa California Dream Act na nasa internet sa **www.caldreamact.org**.
- 3** Isumite ang inyong may beripikasyong GPA sa programang Cal Grant bago ang **Marso 2**.
- 4** Mag-aplay para sa pambansa at lokal na mga iskolarship (tunghayan ang likuran ng pabalat). Makipagkita sa tagapayo para sa kolehiyo ng inyong paaralan para humingi ng tulong.
- 5** Kausapin ang inyong pamilya tungkol sa pagbabayad para sa kolehiyo. Sabihin sa kanila na makakatulong sila kahit na sa pamamagitan lang ng pagtulong sa inyong kumpletuhin ang FAFSA.

Kailangan ninyong mag-aplay para sa tulong pampinansiya bago niyo pa man malaman kung natanggap na kayo sa isang kolehiyo. Kung hindi, baka masayang ang pagkakataon ninyong makakuha ng mga grant, iskolarship at iba pang libreng pera.

TALAN NG MAHAHALAGANG PETA AT KAILANGANG GAWIN PARA SA TULONG PAMPINANSIYA

TAGLAGAS NG HULING TAON SA MATAAS NA PAARALAN

Magsiyasat at Maghambing

- Kausapin ang tagapayo sa inyong mataas na paaralan hinggil sa inyong plano sa kolehiyo at mga pangangailangang pampinansiya. Magtanong tungkol sa mga iskolarship na iniaalok ng mga lokal na organisasyon at negosyo.
- Maghanap sa internet ng mga payo para sa pagpapalano para sa kolehiyo at inyong karera (tunghayan ang likod ng pabalat).
- Gumamit ng mga calculator para sa bayarin para matulungan kayo na mapag-alaman ang halaga ng edukasyon para sa isang partikular na paaralan. Itinatakd sa mga paaralan na magkaroon ng mga calculator na ito na magagamit ninyo gamit ang internet.

Maghanda

- Pagtuunan ng pansin ang inyong mga grado at credit para makapagtapos.
- Maghanap sa internet ng mga iskolarship (tunghayan ang likod ng pabalat).
- Dumalo sa workshop para sa tulong pampinansiya na idinaraos sa Taglagas ng inyong paaralan.
- Tanungin kung isusumite ng inyong paaralan ang inyong nabigyan ng beripikasyon na Cal Grant GPA sa pamamagitan ng internet, o kung kailangan niyo itong isumite gamit ang papeles na Cal Grant GPA verification form, na nasa www.calgrants.org.



SIMULA SA ENERO

Mag-aplay

- Isumite ang inyong aplikasyon para sa FAFSA o CA Dream Act at inyong nabigyan na ng beripikasyon na CAL Grant GPA bago ang Enero 1 at bago ang **Marso 2**. Kung hindi pa nakakapagkumpleto ang inyong mga magulang (o kayo) ng pederal na papeles para sa pagbabayad ng buwis, gumamit ng mga tinantiya ninyong halaga. Baguhin na lamang ito o wastuhin sa hinaharap.
- Pagkatapos ninyong magsumite ng FAFSA, repasuhin ang inyong Student Aid Report (SAR) para malaman kung karapat-dapat kayo.

Libreng Tulong

- May makukuhang libreng tulong pampinansiya: huwag kailanmang magbayad para sa FAFSA o ipakumpleto ito sa ibang tao. Dumalo sa isang workshop para sa Free Cash for College sa Enero o Pebrero para makakuha ng tulong sa pagkumpleto ng inyong aplikasyon para sa FAFSA o CA Dream Act at iba pang papeles. Para sa mga petsa at lugar, pumunta sa www.californiacashforcollege.org.

Mga Huling Araw sa Pagsusumite

- Mag-aplay para sa Cal Grant bago ang itinakdang huling araw na **Marso 2**.
- Alamin sa bawat kolehiyo na iniisip ninyong pasukan kung ano-ano ang iba pang mga huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon para sa tulong pampinansiya at markahan ang inyong kalendaryo.

Pagsama-samahin ang Inyong Impormasyon

- Pasama-samahin ang impormasyon para sa inyong online account sa FAFSA o CA Dream Act at Cal Grant sa iisang lugar para madali ninyong makuha ang mga ito.

Subaybayan ang inyong Cal Grant

- Matapos ninyong makumpleto ang inyong FAFSA, bisitahin ang www.webgrants4students.org para buksan ang inyong sariling Cal Grant account. Maaari ninyong repasuhin ang inyong California Aid Report (CAR), na inyong matatanggap sa pamamagitan ng notipikasyon na e-mail pagkatapos ninyong mag-aplay, at maaprubahan kayo para sa isang Cal Grant. Maaari kayong gumawa ng mga pagbabago hinggil sa paaralan na napili ninyo at kumpirmahin ang pagtatapos ninyo ng kolehiyo.

TAGSIBOL/ TAG-ARAW

Suriin at Ipaghambing

- Bantayan at tugunan ang mga sulat na nagsasaad ng pagkakatanggap ninyo sa kolehiyo at mga alok para sa tulong pampinansiya.
- Repasuhin ang mga alok para sa tulong pampinansiya at maingat na magtanong. Gamitin ang "Compare Your Aid Awards" sa www.bigfuture.collegeboard.org.
- Pag-isipan ang mga grant, iskolarship at mga sabay na pagtrabaho at pag-aaral at iba pang tulong pampinansiya na hindi ninyo kailangang bayaran bago tumanggap ng utang para sa mga mag-aaral.
- Kung kinakailangan, utangin lamang ang kinakailangan, at tunghayan ang mga pederal na pautang para sa mga mag-aaral sa www.studentloans.gov.

MAGSIMULA NG APLIKASYON PARA SA FAFSA O SA CALIFORNIA DREAM ACT

Pumunta sa internet at kumpletuhin ang **Free Application for Federal Student Aid**, o **FAFSA**. Ang FAFSA ang unibersal na aplikasyon para sa karamihan sa tulong pampinansiya para sa kolehiyo. Ginagamit ng pederal na pamahalaan, mga estado at mga kolehiyo ang mga resulta nito para mapag-alaman ang halaga ng tulong pampinansiya na kwalipikado ninyong matanggap.



Ang mga mag-aaral na hindi dokumentado ay dapat na kumpletuhin ang kanilang California Dream Act Application sa **www.caldreamact.org**.

Nagtatanong ang mga aplikasyon para sa FAFSA at California Dream Act ng mga impormasyon tungkol sa inyo, sa inyong pamilya, sa inyong estadong pampinansiya at inyong mga plano para sa kolehiyo.

KUMUHA NG LIBRENG TULONG

Maaaring makakuha ng tulong ang mga mag-aaral na nag-aaplay para sa tulong pampinansiya

Nang Personal: Humingi ng tulong mula sa inyong paaralan, dumalo sa mga pagtitipon para matutunan ang tungkol sa pagkuha ng tulong pampinansiya na itinataguyod ng inyong paaralan o sa isang libreng California Cash for College workshop sa Enero o Pebrero. Nagkakaloob ng tulong ang mga workshop na Cash for College sa iba pang mga wika bukod sa Ingles. Makakakuha ng tulong ang mga mag-aaral na nag-aaplay para sa tulong mula sa Dream Act. Para sa mga petsa, lugar at mga dapat dalhin, pumunta sa **www.californiacashforcollege.org**.

Sa internet: Sa **www.fafsa.gov**, makakakuha kayo ng tulong para sa mga tanong, o i-klik ang bilog na Live Help na matatagpuan sa loob ng bawat pahina.

Sa telepono: Tawagan ang U.S. Department of Education sa 1-800-433-3243 (TTY 1-800-730-8913) Lunes hanggang Biyernes (hanggang sa ika-9 ng gabi oras sa Pasipiko) o sa kanilang pinahabang mga oras sa Sabado at Linggo.



MAAARING MAGING KWALIPIKADO ANG MGA SENIOR SA MATAAS NA PAARALAN PARA SA \$1,000

Ang mga senior na nasa mataas na paaralan na dadalo sa isang workshop na Cash for College at mag-aaplay para sa Cal Grant bago ang itinakdang huling araw ng aplikasyon na **March 2** ay maaaring maging kwalipikado na makatanggap ng dagdag na iskolarship na \$1000.



CASH FOR COLLEGE



<http://www.facebook.com/Cash.for.College.California>

TULONG PAMPINANSIYA SA PAMAMAGITAN NG CALIFORNIA DREAM ACT



Pinapahintulutan ng California Dream Act of 2011 ang mga mag-aaral na wala at mayroong dokumentasyon, at nakatutugon sa mga itinakdang pangangailangan na makikita sa ibaba, na mag-aplay at makatanggap ng tulong pampinansiya mula sa estado at mga pribadong iskolarship na pinamamahalaan ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad ng California.

SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

MGA MAG-AARAL NA:

- Nakadalo sa isang mataas na paaralan sa California nang hindi bababa sa tatlong taon;
- Nakapagtapos mula sa isang mataas na paaralan sa California o nakapasa sa California High School Proficiency Exam (CHSPE) o nakakuha ng isang General Equivalency Diploma (GED);
- Nakapagpatala sa isang akreditado at kwalipikadong kolehiyo o unibersidad sa California;
- Nakagawa ng affidavit para magawang legal ang estado sa imigrasyon kapag karapat-dapat na.

- Mag-aplay para sa mga iskolarship sa mga website ng mga unibersidad.
- Bumisita sa www.maldef.org at sa www.e4fc.org para sa listahan ng mga iskolarship.
- Maaaring mag-aplay ang mga mag-aaral ng mga community college para sa isang Board of Governor's Fee Waiver (BOG) para sa panahong Enero 2013.

TAGLAGAS 2012

SIMULA ENERO 2013

- Maari nang mag-aplay sa pamamagitan ng internet ang mga mag-aaral para sa Cal Grant, Chafee Grant at iba pang tulong mula sa estado gamit ang ligtas na aplikasyon para sa California Dream Act ng California Student Aid Commission sa www.caldreamact.org.
- Mag-aplay para sa Cal Grant o mga grant na pang-institusyon ng UC o CSU bago ang **Marso 2**.
- Maaaring mayroong makukuhang iba pang tulong na pang-estado para sa Dream Act tulad ng EOP, EOPS, CARE at Cal-Work sa pamamagitan ng inyong campus. Makipag-ugnay sa opisina para sa tulong pampinansiya at iskolarship para sa karagdagang detalye.

Hindi ibinabahagi ang impormasyon mula sa inyong aplikasyon na California Dream Act sa mga pederal na lagakan ng datos. Protektado ang impormasyon ng mag-aaral at magulang na Dream Act mula sa kaparehong mga batas at proteksiyon hinggil sa pagiging pribado at ligtas ng impormasyon, kagaya ng lahat ng mga aplikante para sa Cal Grant.

LIBRENG PERA ANG MGA CAL GRANT – MAG-APLAY KAYO BAGO ANG MARSO 2

Dalawang papel, dalawang hakbang

- 1 Isumite ang inyong FAFSA sa pagitan ng Enero 1 at ng Cal Grant sa itinakdang huling araw ng aplikasyon na **Marso 2**.
- 2 Isumite ang inyong nabigyan ng beripikasyon na Cal Grant na GPA (o marka sa GED, SAT o ACT) sa California Student Aid Commission bago ang **Marso 2**. Tanungin ang inyong paaralan kung maisusumite nito ang inyong CAL Grant na GPA sa pamamagitan ng internet o kung kailangan ninyong isumite ang papeles para sa Cal Grant GPA Verification. Kung kailangan ninyong isumite ang inyong GPA, tanungin ang inyong tagapayo o hanapin ang papel sa internet sa **www.calgrants.org**. Kailangan ninyong ibigay ito sa isang opisyal ng inyong paaralan para sa beripikasyon bago ninyo ito ipadala sa pamamagitan ng koreo—hindi maaaring isumite ang papel para sa beripikasyon sa pamamagitan ng internet.

Kung hindi kayo umabot sa itinakdang huling araw ng pagsusumite na **Marso 2** at nagpaplano kayong pumasok sa isang California Community College sa taglagas, mayroong ikalawang huling araw ng pagsusumite sa **Setyembre 2**. Gayon pa man, limitado lamang ang mga ipinagkakaloob na Cal Grant na award para sa mga nag-aaplay bago ang **Setyembre 2**, kaya kung kakayanin ninyo, mag-aplay kayo bago ang **Marso 2**.

Ang garantiyang ipinagkakaloob ng Cal Grant

Kung kayo ay senior sa mataas na paaralan, nagtapos sa isang mataas na paaralan sa California, at tumutugon sa mga itinakdang pangangailangan, at nakapag-aplay bago ang **Marso 2**, ginagarantiyahang makatatanggap kayo ng Cal Grant.



CAL GRANTS SA ISANG TINGIN

Cal Grant:	Maaari kayong makatanggap ng hanggang sa:
Cal Grant A Kailangan ng 3.0 na GPA sa mataas na paaralan	• \$12,192 mula sa University of California • \$5,970 mula sa California State University • \$9,084 mula sa mga kwalipikadong independiyenteng mga kolehiyo sa California • Kung nag-aaral kayo sa isang California Community College, irereserba ang inyong grant hanggang sa makalipat kayo
Cal Grant B Kinakailangan ng 2.0 na GPA sa mataas na paaralan	• \$1,473 na pang-araw-araw na panggastos para sa una niyong taon, at kaloob na matrikula at bayarin lagpas sa unang taon na may kaparehong halaga ng Cal Grant A
Cal Grant C	• \$547 para sa mga libro, mga kagamitan, at kasangkapan para sa edukasyong teknikal o pang-karera. • \$2,462 para sa matrikula (kung hindi nag-aaral sa isang Community College sa California)
Cal Grant Transfer Entitlement Award (Award na Cal na Ipinagkakaloob sa Paglipat) Kinakailangan ng 2.4 na GPA sa community college	• Kapareho ng Cal Grant A o Cal Grant B

MAS MARAMI PANG LIBRENG PERA

MAGSUMITE NG APLIKASYON NA FAFSA PARA MABIGYAN NG KONSIDERASYON PARA SA MGA GRANT NA ITO

Mga Uri ng Grant	Mga Kondisyon para Maging Karapat-dapat
Federal Pell Grant Hanggang sa \$5,550 bawat taon (2012-13). Pumunta sa www.studentaid.ed.gov	• Ang halaga ng pag-aaral ninyo at ang inaasahang kontribusyon ng inyong pamilya • Kung full-time o part-time ang pag-aaral • Kailangang hindi pa tumatanggap ng bachelor na digri o nagtapos na sa kolehiyo*
Federal Supplemental Educational Opportunity Grant (FSEOG) Mula \$100 hanggang \$4,000 bawat taon (limitado ang pondo). Bumisita sa www.studentaid.ed.gov	• Ang halaga ng pag-aaral ninyo at ang inaasahang kontribusyon ng inyong pamilya • Binibigyan ng prayoridad ang mga nakatanggap ng Pell Grant na may pinakamababang inaasahang kontribusyon mula sa pamilya • Kung full-time o part-time ang pag-aaral
Federal TEACH Grants Hanggang sa \$4,000 bawat taon. Bumisita sa www.studentaid.ed.gov o Makipag-ugnay sa opisina para sa tulong pampinansiya sa kolehiyo o unibersidad kung saan pinaplano ninyong mag-aral	• Kailangang naka-enrol o nagpaplanong makumpleto ang mga kurso para makapagsimula ng karera sa pagtuturo • Mayroong kumulatibong GPA na hindi bababa sa 3.25 bawat semestre • Pumirma ng kasunduan na maglingkod bilang may-bayad na full-time na guro sa isang larangan kung saan matindi ang pangangailangan at naglilingkod para sa mga mag-aaral na mababa ang kita ng mga magulang. • Pumayag na magturo nang hindi bababa sa apat na akademikong taon sa loob ng walong taon pagkatapos ninyong makumpleto ang inyong programa ng pag-aaral • Kapag nabigo kayong magawa ang inyong obligasyon magiging walang-subsidyong Stafford na utang ang inyong grant, na dapat ninyong bayaran nang may interes
California Chafee Grant Hanggang sa \$5,000 bawat taon para sa isang taon ng pagsasanay sa trabaho o kolehiyo, karagdagan sa ano mang tulong mula sa estado o pamahalaang pederal na natatanggap ninyo. Bumisita sa www.chafee.csac.ca.gov ; tumawag sa 1-888-224-7268; o makipag-ugnay sa inyong paaralan, caseworker (namamahala sa inyong kaso o Independent Living Coordinator (Tagapag-ugnay para sa Independiyenteng Pamumuhay)	• Kung nasa foster care (pangangalagang pinangangasiwaan ng estado) sa pagitan ng mga edad 16-18 • Nanatili sa paaralan at patuloy na nakakuha ng maayos na mga marka. • Pumapasok sa paaralan nang hindi bababa sa half-time o kalahati ng takdang oras • Nangangailangan ng aplikasyon para sa Chafee Grant (hindi kailangan ng numero ng Social Security)
Child Development Grants \$1,000 bawat taon (sa isang Community College sa California) o \$2,000 bawat taon (sa isang kolehiyo na may apat na taon ng pag-aaral); nang hanggang sa kabuuang halaga na \$6000. Bumisita sa www.csac.ca.gov ; piliin ang "Financial Aid Programs," o tumawag sa 1-888-224-7268	• Naghahangad magkaroon ng permiso para sa pagtatrabaho sa larangan ng child development (pag-unlad ng bata) at nagpaplanong magtrabaho sa lisensiyadong sentro para sa mga bata sa California • Kailangang pumirma ng Service Commitment Agreement (Kasunduan para sa Pananagutan na Magbigay ng Serbisyo) para magturo o mangasiwa ng isang pasilidad para sa pangangalaga ng bata na lisensiyado ng California • Nangangailangan ng aplikasyon para sa Child Development Grant
Law Enforcement Personnel Dependents Grant Hanggang sa \$13,665 bawat taon. Bumisita sa www.csac.ca.gov at piliin ang "Financial Aid Programs" o tumawag sa 1-888-224-7268	• Dependent (anak o legal na ginagabayan) o asawa ng isang kagawad para sa kapayapaan ng California, bumbero, o iba pang mga empleyado para sa pagpapatupad ng batas, na yumao na o nagkaroon ng 100 porsiyentong kapansanan nang dahil sa pagtupad sa tungkulin • Nangangailangan ng aplikasyon para sa Law Enforcement Personnel Dependents Grant
University of California (UC) Bumisita sa www.universityofcalifornia.edu	• Halos dalawa sa tatlo ng lahat ng mga mag-aaral sa kolehiyo ang nakatatanggap ng UC grant at tulong na iskolarship, na may karaniwang halaga na mga \$14,000.
California State University (CSU) Bumisita sa www.calstate.edu o www.csumentor.edu	• Tumutulong ang CSU grant sa mga residente ng California na may pampinansiya pangangailangan.
California Community College (CCC) Board of Governor (BOG) Fee Waiver Bumisita sa www.icanaffordcollege.com	• Kung kwalipikado kayo para sa isang Cal Grant o may pampinansiya pangangailangan, maaari kayong makatanggap ng fee waiver (karapatang huwag nang magbayad ng bayarin). • Inirerekomendang kumpletuhin ang FAFSA, ano pa man ang uri ng CCC Fee Waiver, para maging kwalipikado para sa dagdag na tulong pederal at pang-estado.

*Maliban na lamang sa mga mag-aaral na nagtatrabaho para makakuha ng teacher certification (sertipikasyon bilang guro) o nakapagpatala sa isang limang taon na programang baccalaureate.

MGA CAL GRANT: MGA PAGKAKATAON PARA MAG-APLAY

Paglipat mula sa isang community college tungo sa isang paaralan na may 4 na taon

- Bilang Transfer student (estudyanteng lumipat) mula sa Community College sa California, hanggat mas mababa sa 28 ang inyong edad
- Mag-aplay bago ang **Marso 2** sa taon na balak ninyong lumipat

**TRANSFER
STUDENT
(ESTUDYANTENG
LUMIPAT) MULA
SA COMMUNITY
COLLEGE**

Cal Grant C-Career Technical Grant

- Kumpletuhin ang FAFSA bago ang **Marso 2**
- Ilista ang Paaralang Teknikal o Pang-karera sa FAFSA
- Ang pinag-aaralang kurso ay dapat na pang-okupasyon o karerang teknikal

**ESTUDYANTE
PARA SA
PAARALANG
TEKNIKAL O
PANG-KARERA**



Subaybayan ang Inyong Cal Grant:

Magbukas ng isang WebGrants4Students Account para masubaybayan ang inyong Cal Grant. Bumisita sa **www.webgrants4students.org** pagkatapos ninyong maisumite ang inyong aplikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa **www.calgrants.org** o **www.csac.ca.gov**.



MAGHANAP NG PAARALANG
K WALIPIKADO PARA SA CAL
GRANT SA

WWW.CSAC.CA.GOV

PINAKAMAINAM
NA LUGAR PARA
MAGSIMULA

SENIOR SA MATAAS NA PAARALAN

Mag-aplay bilang isang senior sa mataas na paaralan bago ang **Marso 2**.

- May halagang \$12,192 bawat taon ang mga Cal Grant, batay sa inyong paaralan at sa inyong pagpasok sa eskuwela
- Maaaring magamit sa isang kwalipikadong campus nang hanggang sa 4 na taon
- Pinakamainam na mapipili para magamit nang lubusan ang Cal Grant
- Kwalipikado ang lahat ng pampublikong institusyon at maraming pribadong institusyon sa California. Alamin kung saan puwedeng magamit ang inyong Cal Grant sa www.calgrants.org



NAKATAPOS NG MATAAS NA PAARALAN

Mag-aplay pagkatapos ng mataas na paaralan at sa loob ng 1 taon ng pagtatapos ng mataas na paaralan o GED

- Hanggang sa 4 na taon ng mga Cal Grant nang hanggang sa \$12,192
- Kumpletuhin ang FAFSA/Isumite ang inyong GPA sa Mataas na Paaralan bago ang **Marso 2**
- Bumalik sa mataas na paaralan kung saan kayo nagtapos para sa inyong GPA

IBA PANG MAG-AARAL



Lahat ng iba pang mag-aaral ay puwedeng mag-aplay para sa mga Pinagkokompetensiyahang Cal Grant

- Kung kayo ay estudyante sa isang Community College sa California, mag-aplay para sa isang pinagkokompetensiyahang Cal Grant sa pamamagitan ng pagkumpleto ng GPA para sa FAFSA at Cal Grant bago ang **Setyembre 2** ng bawat taon. Isusumite ng inyong kolehiyo ang inyong GPA para sa inyo. Kailangang ninyong magsumite ng FAFSA.
- Maaaring mag-aplay ang mga estudyante ng ano mang edad para sa pinagkokompetensiyahang Cal Grant bago ang itinakdang huling araw ng aplikasyon para sa Cal Grant, na may petsang **Marso 2**.

Isumite ninyo ang inyong FAFSA sa bawat taon na pumapasok kayo sa kolehiyo.

TUNGHAYAN ANG MGA WEBSITE NA ITO

PONDO PARA SA KOLEHIYO

Tulong pampinansiya ng California para sa mga estudyante & Cal Grants

www.calgrants.org

www.csac.ca.gov

*www.ca.gov/education

California Cash for College
(Pera para sa Kolehiyo na Kaloob ng California)

*www.californiacashforcollege.org

Mga rekursong Dreamer

www.caldreamact.org

www.e4fc.org

www.maldef.org

<http://prepare.collegeboard.org/resources>

Pederal na tulong pampinansiya

*www.fafsa.gov

*www.studentaid.ed.gov

*www.studentloans.gov

ScholarShare

*www.scholarshare.com

Impormasyon Hinggil sa Iskolarship

www.fastweb.com

*www.collegeboard.com/pay

www.scholarships.com

www.zinch.com/

Mga Iskolarship para sa mga

Aprikano Amerikano

www.uncf.org

Mga Iskolarship para sa mga

Asyano Amerikano

www.apiasf.org

Mga Iskolarship na Gates Millennium

www.gmsp.org

Mga Iskolarship para sa mga Latino

*www.hsf.net

www.maldef.org

Mga Iskolarship para sa mga

Katutubong Amerikano

www.bje.edu

www.collegefund.org

www.aises.org/what/programs/scholarships

Mga Iskolarship para sa mga Atleta

www.ncaa.org

Mga pandaraya sa iskolarship

*www.ftc.gov/scholarshipcams

MGA BAYARIN PARA SA KOLEHIYO AT PAGSISIYASAT NG MGA KARERA

www.californiacolleges.edu

*http://collegenavigator.ed.gov

www.whodouwant2b.com

www.finaid.org

MGA KOLEHIYO

Mga kolehiyong pampubliko ng California

www.californiacolleges.edu

Mga Community Colleges ng California

*www.icanaffordcollege.com

California State University

*www.csumentor.edu

University of California

*www.universityofcalifornia.edu

Mga Independiyenteng kolehiyo sa California

www.aiccu.edu

MGA BAGAY NA DAPAT NINYONG MALAMAN

Pagnanakaw sa Identidad

*www.ftc.gov/idtheft

*www.idtheftcenter.org

Mahusay na paraan ng pangungutang

*www.studentloans.gov

Mga benepisyo sa buwis

www.irs.gov/pub/irs-pdf/p970.pdf

IBA PANG REKURSO

ACT o SAT

www.actstudent.org

*www.collegeboard.org

AmeriCorps/mga boluntaryo

www.americorps.gov

*www.californiavolunteers.org

Pagiging Mamamayan/Pansamantalang Itinigil

na Aksiyon para sa mga Dumating Noong

Kanilang Kabataan

*www.uscis.gov

Mga grant at impormasyon para sa foster youth

(kabataang lumaki sa pangangalaga ng estado)

www.chafee.csac.ca.gov

www.fosteryouthhelp.ca.gov

www.calyouthconn.org

www.calgrants.org

Mga Karera sa Kalusugan

*www.healthjobsstarthere.com

Mga usong trabaho

www.bls.gov/emp

Mga Mag-aaral na may kapansanan

www.heath.gwu.edu

www.dor.ca.gov

Mga benepisyo para sa mga militar at beterano

*www.todaysmilitary.com

www.gibill.va.gov

*Nagkakaloob ng impormasyon sa wikang Kastila.



CALIFORNIA
STUDENT AID
COMMISSION

ECMC



www.facebook.com/CSAC.StudentAidCommission

Tagalog – I.1.7 35,000 2.13